PROTECTING IMMIGRANT FAMILIES

NALALAPAT BA SA AKIN ANG PUBLIC CHARGE?

Setyembre 2026

ANO ANG PUBLIC CHARGE?

Ang public charge ay isang patakaran sa imigrasyon para sa ilang taong gustong makakuha ng green card (katayuan bilang Legal na Permanenteng Residente) sa pamamagitan ng kanilang mga miyembro ng pamilya o visa para pumunta sa U.S. Nalalapat din ito sa ilang taong may mga green card na umaalis sa U.S. nang higit sa anim na buwan. Ayon sa batas, dapat isaalang-alang ng mga opisyal ng imigrasyon ang kabuuan ng iyong sitwasyon sa buhay para makapagdesisyon kung maaari kang makakuha ng green card. Isinasaalang-alang nila ang iyong edad, ang iyong kalusugan, at ang iyong pamilya. Isinasaalang-alang din nila ang iyong kita, edukasyon, at mga kasanayan sa trabaho. Kasama sa pagsasaalang-alang na ito ang pagtiyak kung mayroong miyembro ng pamilya o ibang tao na nangakong susuporta sa iyo sa pinansyal na aspeto.

Isinasaalang-alang ng public charge test kung malamang na umasa ka sa tulong ng pamahalaan sa anumang panahon. Isang bagong patakaran na magsisimula sa Setyembre 18, 2026 ang nagsasaad na maaaring isaalang-alang ng mga opisyal ang anumang uri ng benepisyong nagamit mo na nakalaan para sa mga taong may mababang kita – ngunit ang pagtanggap ng benepisyo ay hindi awtomatikong nangangahulugang hindi ka na kwalipikado. Dahil kumplikado ang mga patakarang ito, magandang ideya na makipag-usap sa isang abogado bago ka umalis ng bansa o mag-apply para sa iyong green card

NALALAPAT BA SA AKIN ANG PUBLIC CHARGE?



Hindi Nalalapat sa Iyo ang Public Charge kung:

- Ikaw ay isang mamamayan ng U.S.
- Mayroon ka nang green card / permanenteng paninirahan at nananatili ka na sa US
- Nag-a-apply ka para sa TPS, U o T Visa, Asylum o Refugee status, o Special Immigrant Juvenile (SIJ) Status
- Nag-a-apply ka para sa green card batay sa pagkakaroon ng SIJ, o pagiging isang asylee o refugee, o inihain ang iyong aplikasyon para sa green card ng isang taong may U o T visa
- Wala kang kasalukuyang paraan para makakuha ng green card, tulad ng DACA, TPS, Parole, o wala kang legal na dokumento, o wala kang planong mag-apply para sa green card sa hinaharap



Maaaring Nalalapat ang Public Charge kung:

- Plano mong mag-apply para sa green card na nakabatay sa pamilya
- Mayroon kang green card ngunit umalis ka ng bansa nang higit sa 6 na buwan

Hindi ito legal na payo - iba-iba ang sitwasyon ng bawat pamilya. Makipag-usap sa isang bihasang abogado sa imigrasyon bago magsumite ng anumang aplikasyon na may kaugnayan sa imigrasyon.

ANO ANG NASA BAGONG ALITUNTUNIN?

Kailan nagkabisa ang bagong patakaran sa public charge?

Magsisimula ang bagong patakaran sa Setyembre 18, 2026. Puspusang nagsusumikap ang mga tagapagtaguyod para pigilan ang bagong patakarang ito, sa mga korte at sa Kongreso.

Makakaapekto ba ang paggamit ko ng mga benepisyo tulad ng pangangalagang pangkalusugan o tulong sa pagkain sa aking aplikasyon para sa green card? Aling mga programa ng benepisyo?

Ang bagong patakaran ay nagpapahintulot sa mga opisyal ng imigrasyon na isaalang-alang ang maraming salik, kabilang ang anumang benepisyong ginamit na batay sa pagkakaroon ng mababang kita, kapag gumagawa ng pagpapasya ukol sa public charge. Hindi kasama sa patakaran ang listahan ng mga programang isinasaalang-alang at nagpapahintulot sa mga opisyal na gamitin ang kanilang sariling paghatol. Ang ilang "kinitang" benepisyo, tulad ng Medicare, Social Security, at insurance sa kawalan ng trabaho, ay hindi isinasaalang-alang.

Paano naman ang mga programang ginamit ko noon? Gaano kalayo ang maaari nilang suriin?

Pinahihintulutan ng bagong patakaran ang mga opisyal na isaalang-alang ang nakaraang paggamit ng mga cash na benepisyo o pangmatagalang institusyonalisasyon na binayaran ng gobyerno sa kasalukuyang pagpapasya ukol sa public charge, ngunit hindi ang iba pang benepisyong ginamit bago ang Setyembre 18, 2026. Simula Setyembre 18, maaari na nilang tingnan ang anumang benepisyong ginamit na nakabatay sa pagkakaroon ng mababang kita.

Paano naman ang paggamit ng mga anak ko sa mga benepisyo?

Maaaring tingnan ng mga opisyal kung gumagamit ng mga benepisyo ang isang dependent, ngunit hindi kinokolekta ang impormasyong iyon sa form ng aplikasyon. Maaari nilang gamitin ang impormasyong ito bilang palatandaan tungkol sa kita at kalagayang pinansyal ng aplikante.

Dapat ko bang itigil ang paggamit ng mga programa ng mga benepisyo ngayon?

Maaaring makatulong ang mga pampublikong programa ng mga benepisyo sa mga pamilya sa panahon ng kahirapan. Kung isinasaalang-alang mo ang pag-a-apply para sa isang green card, pinapahintulutan ng bagong patakaran ang mga opisyal ng imigrasyon na isaalang-alang ang anumang pampublikong programa ng mga benepisyo na nakabatay sa kita na iyong ginagamit, simula Setyembre 18, 2026. Ikaw lang ang makakapagdesisyon kung ano ang pinakamainam para sa iyong pamilya.

Paano kung may sponsor ako?

Kinakailangan pa ring magsumite ang iyong sponsor ng affidavit ng suporta. Maaaring magdesisyon ang mga opisyal ng imigrasyon kung ituturing ba ito bilang isang positibong salik. Maaaring maharap sa mas maraming pagsusuri ang mga sponsor.

Nakumpleto ko na ang aplikasyon para sa green card. Nalalapat ba sa akin ang bagong patakaran?

Ilalapat lang ang patakarang ito sa mga aplikasyong isinumite at may tatak ng koreo pagkatapos ng Setyembre 18, 2026. Nalalapat ang patakaran para sa 2022 sa mga aplikasyong isinumite bago ang panahong iyon.

SAAN AKO MAKAKAKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON?

Para sa higit pang mapagkukunan, pumunta sa pifcoalition.org

Tawagan ang Hotline ng mga Pampublikong Benepisyo ng Oregon: 1-800-520-5292.